Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION VIII - EASTERN VISAYAS

Agosto 18, 2021

**MEMORANDUM PANTANGGAPAN**
Blg. 000471, s. 2021

Sa: OIC-Kawaksing Panrehiyunal na Direktor
Nanunungkulang Panrehiyon Pansangay na Hepe
Lahat ng Kasangkot

**PAMPINID NA PALATUNTUNAN PARA SA BUWAN NG WIKA 2021**

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s 1997, ipinagdiriwang taon-taon ang Buwan ng Wikang Pambasa sa buwan ng Agosto. Sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), inilabas ang tema ngayong taon, ***"Filipino at Mga Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino".***

2. Bilang pakikiisa sa taunang pagdiriwang na ito, ang Panrehiyong Tanggapan ng Rehiyon 8, sa pangunguna ng Curriculum Learning and Management Division (CLMD) ay magsasagawa ng **Pampininid na Palatuntunan Para sa Buwan ng Wika 2021** na gaganapin sa Agosto 31, 2021 1:00NH gamit ang Zoom.

3. Kaugnay nito, ipinapabatid na magkakaroon ng Paligsahan sa Sulat Bigkas ng Siday, Cosplay, at Sayaw TikTok para sa mga kawani ng Rehiyon. Lahat ng Nanunungkulang Panrehiyon na Hepe ay pipili ng mga kalahok sa bawat kategorya na magiging kinatawan ng kanilang sangay.

4. Ang krayterya ng bawat kategorya, mga pamantayan, at mga inampalan ay kalakip ng Memorandum na ito.

5. Inaanyahan ang lahat ng Kawani ng Panrehiyong Tanggapan ng Rehiyon 8 na makilahok at hinihikayat din ang bawat isa na magsuot ng maka-Pilipinong kasuotan sa araw ng palatuntunan.

6. Para sa impormasyon at patnubay.

**MA. GEMMA MERCADO LEDESMA**
Regional Director

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO. VIII
RELEASED
4:25 pm
Date: 8/19/2021

CLMD-DGA



Government Center, Candahug, Palo, Leyte
(053) 832-2997 | region8@deped.gov.ph
*ISO 9001:2015 Certified*

*Enclosure No* _1_ *to OM No.* 000471 *s* 2021

## Mga Krayterya, Mga Pamantayan, at Inampalan sa mga Patimpalak

### SULAT BIGKAS NG SIDAY

Ang **SIDAY** ay katumbas ng tula sa Tagalog, binibigyang tuon dito ang mga kultura at paniniwala ng mga Waraynon o mga taong naninirahan sa Rehiyon 8.

**Pamantayan/Mekaniks:**

1. Bawat Nanunungkulang Panrehiyon Pansangay na Hepe ay pipili ng isang kalahok na kakatawan ng kanilang sangay.
2. Hinihiling sa mga kalahok na magsulat ng Siday nang masinop, orihinal, at naayon sa tema ng Buwan ng Wika 2021.
3. Bibigkasin ang nagawang Siday sa araw ng patimplak.
4. May kalayaan ang kalahok na gamitin ang kanyang katutubong wika.

**Krayterya:**

| | | |
|---|---|---|
| Pagsulat | | (50%) |
| Kaugnayan sa Paksa | 25% | |
| Organisasyon ng Diwa | 25% | |
| Pagbigkas | | (50%) |
| Hikayat | 25% | |
| Tinig at bigkas | 25 % | |
| KABUUUAN | 100% | |

**Mga Hurado:**

1. Dr. Nova P. Jorge
2. Dr. Ryan R. Tiu
3. Dr. Dandy G. Acuin

## COSPLAY

Ang **COSPLAY** o pinaikling costume play ay paggaya sa itsura, pananamit at kilos ng mga karakter mula sa mga libro, video games at pelikula.

**Pamantayan/Mekaniks**

1. Bawat Nanunungkulang Panrehiyon Pansangay na Hepe ay pipili ng isang kalahok na magiging kinatawan ng kanilang sangay.
2. Pipili ang kalahok ng isang karakter mula sa mga akdang pampanitikang Pilipino.
3. Bibigyan ang kalahok ng tatlong minuto para iparada at ipakilala ang napiling karakter. Gagawin ito sa araw ng patimpalak.

**Krayterya:**

| | | |
|---|---|---|
| Kaangkupan ng Kasuutan | | 45% |
| Pagtatanghal | | 45% |
| Impak sa mga Nanonood | | 10% |
| | KABUUAN | 100% |

**Mga Hurado:**

1. Dr. Nova P. Jorge
2. Dr. Ryan R. Tiu
3. Dr. Dandy G. Acuin

## SAYAW TIKTOK

Ang **TikTok** ay isang application ng pagbabahagi ng video. Maaaring mag-post ng mga video at gumamit ng isang hanay ng mga soundtrack at mga filter na estilo ng Snapchat, na maaaring mag-morph ng mukha o lumikha ng iba pang nakakaintriga na mga visual na epekto.

**Pamantayan/Mekaniks**

1. Bawat Nanununglulang Panrehiyon Pansangay na Hepe ay pipili ng dalawa o tatlong kalahok na kakatawan ng kanilang sangay.
2. Ang musikang gagamitin ay dapat nasa wikang Filipino, Cebuano o Waray.
3. Ang gagawing Sayaw Tiktok ay tatakbo ng isang minuto lamang.
4. Ipapasa ang ginawang Tiktok Video isang araw bago ang patimpalak sa adres ng sulatroniko clmd.region8@deped.gov.ph.

**Krayterya:**

| | | |
|---|---|---|
| Artistikong Presentasyon | | 30% |
| Choreography | | 30% |
| Musikang Ginamit | | 30% |
| Impak sa mga Nanood | | 10% |
| | KABUUAN | 100% |

**Mga Hurado:**

1. Dr. Nova P. Jorge
2. Dr. Ryan R. Tiu
3. Dr. Dandy G. Acuin